

1

Lampas alas ocho na ng umaga ngunit sa halip na kanina pa naghahanda para pumasok sa opisina, naghihilik pa rin sa gitna ng kama niya si Meg. Kung hindi pa sa ingay na nilikha ng paghahabulan ng mga aso sa kabilang bakuran ng landlady niyang si Aling Vilma ay hindi pa siya magigising. Nag-iinat na bumangon siya. Nakapikit ang isang matang sumulyap sa orasang nakapatong sa tokador habang kinakapa ng paa ang tsinelas na sumuot sa ilalim ng kama niya.

“Patay! Late na ako!” hindik na bulalas ng dalaga pagkakita sa oras. Dagling tinangay ng hangin ang natitira pang antok na tumayo siya. Hinalbot niya ang tuwalya mula sa kinasasabitan nitong pako at patakbong lumabas ng silid upang tunguhin ang banyo. Nagsepilyo muna siya bago tumapat sa shower.

“Naman! Bakit nagloko pa ang alarm clock ko!” gigil na busa ni Meg na mabilisang nagbanlaw matapos magsabon at mag-shampoo.

Dali-dali siyang nagbihis. Maliban sa pulbos at kaunting lipstick ay hindi na siya naglalagay ng kung anu-anong kolorete sa mukha. Pero pagdating sa

makintab at lampas-balikat niyang kulot na buhok ay maingat siya. Hindi siya umaalis ng bahay nang hindi iyon ibino-blow dry. Ngunit sobrang gahol na siya sa oras kaya hiniling niyang huwag sanang magtampo ang kanyang crowning glory kung suklay lang ang magagawa niya para roon ngayon.

Kaunting lakad lang mula sa bahay niya ay sakayan na. Tiyempo namang pagdating niya roon ay may nakahintong jeep na dalawa na lang ang bakanteng upuan. Kaya pagsakay ng babaeng kasunod niya ay umandar na ang pampasaherong sasakyan.

Pagdating sa building na kinaroroonan ng opisina ng *Dame Cosmetics Company* ay hindi niya nakaligtaang batiin ang matandang guwardya bagaman nagmamadali siya. Madalas niyang kakuwentuhan si Mang Rudy dahil naalala niya sa katauhan nito ang sariling ama na mahigit limang taon nang yumao. Halos kasing-edad din kasi nito ang daddy niya.

“Maganda ka pa sa umaga, Miss Meg,” nakangiting ganting bati nito sa pag-‘good morning’ niya rito. Mahigit tatlong buwan pa lang itong nagtatrabaho sa kompanyang iyon bilang guwardya, pero tila lahat silang empleyado ay kilala na nito sa pangalan at

mukha kaya hindi lang basta ‘Sir’ o ‘Ma’am’ ang tawag nito sa bawat dumaraan sa harap nito.

“Naku! Iyan ang gusto ko sa inyo, eh, hindi kayo sinungaling!” hagikgik ni Meg.

At sa totoo lang, hindi sinungaling si Mang Rudy. Bata pa kasi siya ay tanggap na niyang prinsesa siya ng kagandahan sa tahanan nila. Si Meg lang naman kasi ang puwedeng tawaging maganda dahil siya lamang ang nag-iisang babae, not counted daw kasi ang dating Kuya Rob niya na ngayon ay Ate Ruby na.

Maagang namatay ang nanay niya, limang taong gulang pa lang siya. Dinugo ito sa ikapitong buwan nitong pagbubuntis sa bunso sana nilang kapatid. Sinubukan itong isalba ng mga doktor, pero kasama itong yumao ng kapatid niyang nauna nang namatay habang nasa loob pa ng sinapupunan nito. Dahil sa pagkawala ng kanilang ina ay naiwan sila ng Ate Ruby niya na noong mga panahong iyon ay Kuya Rob pa niya, sa pangangalaga ng kanilang ama, Lolo Gildo, Tiyo Santino at Tiyo Faustino.

Sa kanilang magkapatid ay siya ang sumalo ng ipinamanang kagandahan ng kanilang mestisahing ina. Samantalang kay Ruby napunta ang pagiging Pinoy na Pinoy ng kulay at anyo ng kanilang ama. Kaya nang makuha nito ang basbas ng kanilang

buong pamilya ay kaagad itong nag-ipon ng pera para magparetoke ng mukha at magpaputi ng balat. Ngayon, mistula na silang kambal.

Pareho na silang mahaba at mala-sutla sa lambot at kintab ang medyo kulot na buhok. Pirmi ang klasikong pag-arko ng maninipis na kilay, may katangusan ang ilong at maninipis ang pang-itaas na labi pero matambok ang pang-ibaba. Pero kung ito ay nasasabihang puwedeng sumali sa beauty pageants dahil sa height nitong five-seven, siya raw ay nasobrahan sa baking soda dahil mistula siyang Amasona sa tangkad niyang five-eleven and a half. Kalahating pulgada na lang ay six-footer na siya. Kumpara sa karaniwang five-three height ng mga Filipina o kahit ng karamihang Filipino, mala-higante talaga siya.

Dahil doon ay pinayuhan siya ni Ruby na lagi siyang ngingiti para laging maaliwalas ang kanyang mukha at nang hindi siya pagkamalang mandirigmang babae. Kaya hangga't maaari, laging may nakapaskil na ngiti sa mga labi niya para hindi siya katakutan ng mga prospective suitors niya.

Kaso, dahil sa height niya, bibihira siyang makakita ng lalaking nagkakainteres na pormahan siya. Paano nga naman siya aakbayan niyon gayong

kailangan pa ng tuntungan para lang maabot niyon ang balikat niya. At saka mas gusto rin niya iyong tipong mas matangkad ng kahit kaunti lang sa kanya dahil feel din niyang maipaloob sa matitipunong bisig ng magiging nobyo niya, hindi iyong kaya niyang pasanin o ihagis.

“Nandiyan na ho ba si Boss?” tanong niya kay Mang Rudy kahit pa sigurado na siya sa sagot.

“Nandiyan na kanina pa.”

Napangiwing nagpaalam na siya rito at halos takbuhin na ang elevator sa pagmamadali. Tatlong taon na siyang nagtatrabaho bilang sekretarya ng masungit na general manager ng kompanya nila at kung mayroon man siyang isang bagay na hinding-hindi makakalimutan tungkol dito bukod siyempre sa kaguwapuhan nito, iyon ay ang pagiging istrikto nito pagdating sa punctuality.

Tiyak masasabon na naman siya nito lalo pa't iyon na ang pangatlong beses na nahuli siya ng pasok ng linggong iyon. Tahimik siyang umusal ng dasal bago bumaba ng elevator paghinto niyon sa eighth floor. Sana ay nag-iikot pa sa buong building si Boss Andrew Tate-Mallari na siyang ginagawa nito tuwing umaga.

Tila dininig ng langit ang dasal ni Meg dahil wala nga ito sa opisina nito nang dumating siya. Mabilis siyang dumerecho sa mesa niya at kaagad niyang sinimulan ang mga gawain para sa araw na iyon. Makaraan ang ilang saglit ay dumating na ang lalaki. Ang akala niyang pagkakalusot niya mula sa matalas nitong obserbasyon ay hindi pala totoo dahil ni hindi man lang siya sinulyapan ng amo nang utusan siya nitong sumunod sa loob ng opisina nito.

“What time is it, Margaret?” bungad panalita ni Andrew nang ipinid niya ang pinto pasara. Nakatayo ito sa tapat ng glass desk nito, magkasalikop ang mga kamay habang nakayuko sa mga papeles na nasa ibabaw ng mesa.

Sa lahat ng kakilala niya, ito lang ang hindi kinakailangang tumingala sa kanya. Salamat sa Amerikana nitong ina, nasa 6’3” ang height nito. At sa totoo lang, bagaman hindi niya aaminin sa harap nito kahit pa i-torture siya at isa-isang tanggalin ang mga kuko niya sa paa, every inch of those six feet and three inches of pure lean muscles had been fodder for her wild fantasies.

Deep-set ang dark blue nitong mga mata, matangos ang ilong, patulis ang baba pero pangahan ang mukha at mataas ang mga buto sa pisngi. Hindi

niya alam kung paano idi-describe ang kulay ng buhok nitong laging nakasuklay palayo sa mukha nito, itim na itim iyon ngayon pero sa hindi niya sinasadyang makitang litrato nito noong bata pa, may pagka-brown iyon kaysa itim. Sa mas malapitang tingin, makikita ang maputing tatlong pulgadang pilat palihis sa itaas ng kaliwang kilay nito.

“Naiwan mo ba sa jeep ang dila mo, Margaret?” pukaw ng tinig ni Andrew sa tahimik niyang pagbista dito.

Bahagyang napangiwi sa pagbuo nito sa pangalan niyang ni isa sa mga kapamilya niya ay hindi ginagamit pantawag sa kanya. Sumulyap siya sa wristwatch niya. “It’s 9:45, Boss. But—”

“9:45 and you arrived here just ten minutes ago when you should’ve been here forty-five minutes ago. You’re competent but not indispensable, Margaret. Next time na mas mauna ulit akong dumating kaysa sa iyo, maghahanap ka na ng ibang mapapasukan,” walang emosyong banta nito matapos siyang pukulin ng walang kurap na tinging puno ng yelo.

Sa loob ng tatlong taon niyang pagtatrabaho bilang sekretarya ng lalaki, hindi miminsang tinangka nitong sisantehin siya. Weekly occurrence na iyon at kapag lumagpas ang isang linggong hindi siya nito

sinesante, malamang alin lang sa dalawa ang dahilan niyon: na-kidnap ito ng mga aliens at clone na lang, o may taning na ang buhay nito kaya naisipang bumawi sa kanya.

“That’s the fourth time you threatened to sack me this month, Boss. Sumusubok ba kayo ng bagong track record?” tukoy ni Meg sa bilang ng pagbabanta nitong tatanggalin siya sa trabaho sa loob ng isang buwan. Nangangalahati pa lang ang buwan kaya dapat dalawang beses pa lang siya nitong pinagbabantaan pero ngayon, pang-apat na nito.

Matalim na tinitigan siya ni Andrew pero dahil immuned na siya sa partikular na titig nito, blangko ang anyong sinalubong lang niya iyon. Painosenteng ngumiti at nagkibit-balikat ang dalaga, nag-peace sign dito. They were more than secretary and boss kaya tiwala siyang sa kabila ng pamimilosopo niya rito, hindi nito tototohanin ang bantang tatanggalin siya sa trabaho. Mas maihahalintulad sa pagiging magkaibigan ang relasyon nila kaya naman hindi na rin siya nangangamba sa tuwing umaarya ang pagkaterorista ng amo. Kumbaga, nahuli na niya ang tamang timpla para maging smooth sailing ang kanilang relasyon.

But Meg couldn’t really claim to be his closest

friend sa kabila ng pagiging malapit nila sa isa't isa three hundred days out of three hundred sixty-five days ng isang taon. Duda siya kung mayroon mang nilalang na itinuturing nitong matalik na kaibigan. Masyado itong self-sufficient, aloof at hindi mapagtiwala kaya mas kontentong sarili lang ang binubuhusan ng buong tiwala.

“You’re becoming more and more impertinent, Margaret.”

“Sorry, Boss.” Tumango siya bago humakbang patungo sa mesang kinalalagyan ng coffeemaker. “Coffee?”

“I really should fire you,” hayag nitong bahagyang naningkit ang mga mata. “Remind me to do that after you hand me Andanar’s proposal. Call Frank, gusto ko siyang makausap ngayon din.”

“Yes, Boss.” Tinungo niya ang coffeemaker sa isang panig ng silid. “Coffee as black as sin, as dark as the night and as bitter as an ex-wife coming up!”

“Mocking my taste in coffee, Margaret? At least, I don’t risk having diabetes like you do putting a kilo of sugar and cream into yours,” matabang na komento ng binata habang hinuhubad ang coat nito at isinasampay iyon sa sandalan ng swivel chair.

Nagkibit-balikat siya. “Mas gusto ko kasing i-enjoy ang kape ko. Hindi higupin iyon na parang tubig kahit pa sing-pait iyon ng buhay ng mga bida sa telenovela.”

“Aksaya ng panahon.”

“Ang pag-inom sa kape ninyo? Mismo! Dahil mapait pa iyon sa ampalaya,” katuwiran ni Meg.

“Not that.” Kinunutan siya nito ng noo. “Ang panonood mo ng telenovela. Wala kang mapupulot na aral doon.”

Tumaas ang mga kilay ng dalaga na sumulyap siya sa kausap. “Excuse me, Boss, pero dahil sa telenovela kaya umiinog ang mundo ng mga nanay sa bahay, tindera sa sari-sari store at mga maton sa kanto. Maraming aral ng buhay ang matututunan mo doon! Gaya ng paano mo mahuhuli si mister na nangangaliwa, paano umiwas magka-amnesia at paano mo malalaman kung patay na ba talaga ang kaaway mo o nagpa-plastic surgery lang at ginaya ang mukha mo! Itinuturo din doon—”

“You’re wasting office time, Margaret. I need those files yesterday,” paalala ni Andrew.

Lihim na napaismid siya. Porque’t talo na ito sa argumento nila, nilinyahan na siya tungkol sa

trabaho. Matapos ibigay rito ang kape nitong kayang gumising ng patay sa tapang ay bumalik na si Meg sa mesa niya upang ihanda ang sandamukal na files na ipinapakuha nito at tawagan ang HR.

“Hay, naku! Kung di lang talaga kita mahal, nunca na magtitiyaga akong magtrabaho dito!” pagbubusa niya, nakaismid sa saradong pinto ng opisina nito.

“Nabanlawan ka ba, Meg?” pabirong untag sa kanya ni Mary Jane. Sekretarya ito ng head ng Finance Department nila at katapat niya ang cubicle nito. Sa lahat ng mga kaopisina niya ay ito ang pinakamalapit sa kanya dahil mula pa college ay magkakilala na sila at ito rin nga mismo ang nagrekomenda sa kanya sa kompanyang ito matapos nitong malamang kasama siya sa mga natanggal sa dating kompanyang pinapasukan niya na nag-retrench.

Nahuluan kaagad ng katabi na nasabon na naman siya ng boss nilang animo ay sa aktibong bulkan kumuha ng ugali. Bibihira kasi ang tumatagal sa istrikto nilang amo at kung tutuusin ay siya pa lang ang umabot ng tatlong taon. Ang mga nauna sa kanya ay hindi nakayanan ang bangis ng binatang amo nila kaya wala pang tatlong buwan ay nag-re-resign na.

May leveling kasi ang mood ni Boss Andrew. Kalmado at kalkulado ang bawat bigkas ng salita

kapag hindi pa ito masyadong iritado. May kasama nang pag-arko ng mga kilay o paniningkit ng mga mata kapag lumagpas na sa iritasyon ang timpla at naging pagkayamot na. Tiim-bagang na susundan ng nakakalason sa lupit ng asidong mga salita naman kapag nasa stage three na at ubos na ang karaniwan ay kakarampot nitong pasensya.

Subalit bagaman nuknukan ng sungit si Andrew, may itinatago rin itong kabaitan. Tulad na lang noong magkasakit siya ng dengue two years ago. Ito mismo ang nagbantay sa kanya sa ospital nang hindi kaagad makaluwas ng Manila ang mga kapamilya niyang nasa *Isla Dorado* dahil sa tindi ng bagyo. Kahit pa sobrang irritable si Meg na siyang nangyayari tuwing may-sakit siya, matiyaga siya nitong inalagaan. Iyon din ang simula ng pagbabago ng relasyon nila from strictly professional to friends, or what would count as 'friends' in his vocabulary.

Sa mata nga siguro ng iba, maaaring hindi kapani-paniwala na walang nangyayaring milagro sa pagitan nila tuwing nag-o-overnight siya sa condo unit ng amo dahil sa trabaho o kapag sumasama si Meg sa mga business trips ni Andrew sa ibang bansa. Lalo pa't pareho silang single. Cliché nga naman ang istoryang nagkakaroon ng relasyon ang amo at sekretarya keshodang may-asawa na ang amo. Sila

pa kaya na parehong available? Iyon nga lang, siya lang naman ang willing.

Subalit sa kanila, gaano man niya gustuhing makiuso na rin sila, wala talagang milagrong nagaganap. Natutukso man siyang isiping closet queen si Andrew kaya no pansin ito sa beauty niya, sigurado si Meg na hindi dahil batid niyang may mga babaeng napapaugnay sa buhay nito. Mga babaeng mas malalaki ang bust measurement kaysa IQ at ang alam lang pag-usapan ay tungkol sa fashion at latest beauty product. Kaya masakit man sa loob niyang tanggapin, obviously, hindi lang talaga ito attracted sa kanya.

“Hindi nga, eh. Buti na lang may baon akong tubig dito. I swear, sa susunod, hindi na ako talaga magsa-shower bago pumasok. Pagdating ko naman dito ay nasasabon ako ng teroristang iyon eh,” nakatawang sakay ni Meg sa biro ng kaopisina.

Ngunit kagyat ding nabitin ang tawa niya dahil sa biglang panlalaki ng mga mata nito habang nakatingin sa likuran niya. Napalunok si Meg na, kumakabog ang dibdib na nilingon ang taong natitiyak niyang nasa likuran niya—Andrew the Terrorist Boss.

“Thank you for that worthless information, Margaret. But I’m not really curious about your

hygienic habits. May I have the Andanar files now or do I have to wait until you decide to take your desired bath?”

Kung malulusaw lang ang lamig ng boses ng amo, malamang nagbaha na ang opisina nila sa likidong ipo-produce niyon.

“Yes, Boss. Ito na po, dadalhin ko na nga sana sa office ninyo.” Malamya ang ngiting iniabot ni Meg rito ang files na hinahanap nito. Pupusta siya, mas mapula pa ang kanyang mukha kaysa sa bilog sa watawat ng Japan.

Pinukol muli siya ng lalaki ng hindi niya mabasang tingin bago tumalikod, bitbit ang kailangang files.

“Okay lang iyon. Isipin mo na lang may LQ kayo,” ani Mary Jane na pilyang kinindatan siya.

Napangiting umiling lang siya.

“Syanga pala, Meg. Sama ka sa akin sa Biyernes? Fiesta sa amin sa San Isidro. Hermana mayor si Nanay. Masaya ’yun, maraming pagkain at may parada pa ng mga kalabaw,” sabi nito.

“Talaga? Mukha ngang masaya ’yun, kaya lang uuwi ako sa *Isla Dorado*, eh; eightieth birthday ni Lolo Gildo sa Linggo. Plano namin nina Ate Ruby na

gawing bongga ang celebration niya. Yayayain nga sana kita.”

“Ay, gan’un? Sayang naman! Gusto ko rin sanang makarating sa inyo, pero kakatayin ako ni Nanay kapag hindi ako umuwi, eh.”

Napapalatak sila pareho sa panghihinayang. Pero kaagad ding natarantang nagsibalik sa kani-kanyang trabaho nang dumaan sa harap nila ang pigura ng amo. Base sa animo nagmamartsang sundalo sa dress parade na lakad nito, ipinapatawag ito sa opisina ni Madame Daria, ang presidente at siyang nagmamay-ari ng *Dame Cosmetics Company*. Tiyahin ito ni Andrew.

Basta kapag sa itaas na palapag ang tungo ng amo ni Meg, asahan nang sintigas ng adobe ang katawan at hilatsa ng mukha nito. Hindi sekreto sa kompanya na bibihirang magkasundo ang dalawa lalo na nang imbis na ang inaasahang pagpapasa ng posisyon nito na sa binata ang gawin ni Madame Daria noong nakaraang board meeting, iniurong muli ng matriarch at founder ng *Dame* ang pagreretiro.

At pinalala pa ng presidente ang pagwasak sa expectations ng pamangkin sa posisyon nito nang ianunsyo ng matanda ang pagpasok ng isa pa nitong pamangkin na si Macon Mallari sa kompanya bilang

bagong head ng Marketing Department. Hindi iyon nakakaalarma, kung hindi lang inanunsyo rin ni Madame Daria sa parehong meeting na iyon na base sa mga karanasan at kakayahan ni Sir Macon na dati palang General Manager ng isa ring cosmetics company sa France, qualified din daw itong patakbuhan ang kompanya tulad ni Boss Andrew.

Kunot-noong sinundan ni Meg ng tingin ang amo. Huli na para bawiin niya ang tingin nang bigla itong tumigil sa paglalakad at lumingon sa kanya, nahuli na siya nitong hinahabol ito ng tingin. Pero wala itong reaksiyon doon. Sa halip ay nag-iwan ng utos na base sa tono nito, kung hindi niya masusunod nang eksakto, magsisisi siya hanggang sa after life.

“Umakyat ka after five minutes.”

Iyon lang ang sinabi ni Andrew, pero nauunawaan na niya iyon. Ibig sabihin, kailangan niyang sundan ito at tawagin after five minutes upang kunwari ay kausapin ang isang importanteng kliyente nila o kaya ay asikasuhin ang isang hindi maipagpapalibang emergency para malibre itong lisanin ang opisina ng tiyahin.

2

What is holding this woman together? She looks older than the dinosaurs, di-maiwasang naisalob ni Andrew habang pasimpleng minamasdan mula sa sulok ng mga mata ang nadatnang bisita sa loob ng opisina ng tiyahin niya.

He'd had his share of women throwing themselves at his feet, pero lahat ng iyon ay pawang hindi pa umaabot sa menopausal stage. Hindi tulad nito na tila tatlong dekada nang nag-menopause!

Alumpihit tuloy siya sa pagkakaupo sa white leather seat na katapat nito. Nangangamba siyang bigla siya nitong dukwangin kapag nakalingat si Madame Daria o hindi siya naging alerto. Patawad pero maihahagis talaga ito ni Andrew palabas sa glass walls ng opisina sa sandaling subukan nito iyon. Nakahinga lang siya nang maluwag nang tumayo na ito at magpaalam sa tiyahin niya. Tumayo siya upang pagbuksan ito ng pinto.

He was a gentleman no matter what and it was ingrained in him to always open doors for women. Pero kaagad niyang pinagsisihan ang turong iyon nang bigla nitong dakutin ang pang-upo niya at

kindatan siya.

“Hey!” nabigla o mas tamang sabihing nahindik na hiyaw ni Andrew.

“Bye, handsome! I’m looking forward to having you as part of my family!” Ikinaway pa nito ang mga daliri sa kanya bago humahagikgik na lumabas.

Kung hindi sa matinding pagpipigil, imbis na mariing inilapat lang ang dahon ng pinto sa hamba niyon, malamang naibagsak ng binata nang malakas pasara ang pinto paglabas nito. Kunot-noong hinarap niya ang tiyahing buntong-hininga lang ang naging reaksiyon sa nasaksihan.

“What was that about? Ano’ng ibig niyang sabihin?” kaagad na pag-ungkat niya sa tiyahin.

“Sit down, Andrew.”

“Why would I be part of her family? Ano na naman itong pinaplano mo, Aunt Daria? Hindi mo naman siguro binabalak ialok sa akin bilang prospective bride ang nilalang na iyon? I’d rather jump out of your window now!” puno ng pagdududang tugon niya.

Ang tono nitong iyon na animo isa itong istriktong principal na may kaharap na sutil na estudyanteng binabalak pangaralan ay maaaring

tumalab kung siya ay nasa elementary pa tulad nang una siyang mapunta sa poder nito. Ngunit natigil na ang epekto niyon sa kanya nang tumuntong si Andrew ng high school at matutunang gayahin ang parehong kapormalan at kawalan nito ng emosyon sa harap ng mga imposibleng sitwasyon. Kaya imbis na sundin ang mando ng babae ay pinagsalikop niya sa likuran ang mga kamay at derechong sinalubong ang mga mata nito.

Andrew knew she wanted him to get married and give her grandkids to spoil. Isa iyon sa mga dahilan kung bakit hanggang ngayon ay ayaw nitong ibigay sa kanya ang matagal nang minimithi niyang posisyon sa *Dame Cosmetics Company*. Ginagawa nitong pain ang kompanya upang kumagat siya sa patibong nito.

Hindi ito kailanman nakapag-asawa dahil sa pagkakatutok nito sa pagpapalago ng negosyo. At tila ngayon lang nito pinagsisisihan iyon. Not because she longed for a man of her own to take care of her. Sa lahat ng babaeng kilala niya, si Aunt Daria ang may pinakamakasarili at matigas na pusong alam niya. Hindi raw nito kailangan ng lalaki sa buhay nito dahil natitiyak nitong hindi maibibigay ng sinumang kalahi ni Adan ang kaya nitong ibigay sa sarili. Bagay na sinasang-ayunan ni Andrew dahil wala nang magmamahal pa rito nang higit sa pagmamahal nito

sa sarili at sa kompanya.

But because she wanted grandchildren to pass her precious inheritance to, dinidiktahan siya nitong magpakasal na at mag-anak. Ani Aunt Daria, gusto raw nitong masiguro na kahit wala na ito ay patuloy pa ring makikilala at rerespetuhin ang pangalan nito sa mundo ng pagpapaganda dahil sa kompanyang itinatag nito. At hindi raw iyon mangyayari kung hindi mag-aasawa si Andrew tulad nito dahil wala siyang mapagpapasahan ng *Dame* kapag siya naman ang nawala na.

Sa kanya na raw mapuputol ang linya nila at tiyak paghahati-hatian ng ibang board members ang *Dame*, patatakbuhan sa ibang paraan at tuluyang mawawala ang iiwan nitong legacy.

“I’d push you myself if that were the case, you impertinent boy! Mukha bang mabibigyan pa ako ng apo ng babaeng iyon?! At mas gugustuhin ko nang maputol sa iyo ang lahi natin kung itlog lang din niya ang ipi-fertilize mo!”

Ang motto ng tiyahin, ‘If you didn’t win the race, it wasn’t a race at all’. Walang puwang para rito ang pagkatalo.

At iyon ang idinikdik nito sa utak ni Andrew

noong mapunta siya sa poder nito nang maulila siya sa edad na labing-dalawang taon. Pera, impluwensya at kapangyarihan. Iyon lang daw ang dapat niyang pahalagahan dahil iyon ang natitiyak nitong kayangkaya nitong ituro kung paano niya makakamtan. Subalit ngayon, gusto nitong baguhin iyon. Gusto ni Aunt Daria, bumuo siya ng pamilyang minsan na nitong sinabing sagabal lang sa pag-abot sa tagumpay kaya hindi nito kailanman sinubok magkaroon.

“That woman is Macon’s future aunt-in-law. Wala nang magulang si Faith kaya ang tiyahin niya ang kinakausap ko tungkol sa mga detalye ng kasal nila,” pagbibigay-alam nito.

Natigilan si Andrew. Nanlaki ang kanyang mga mata sa konotasyon ng sinasabi ng kaharap. Kaya pala ito mukhang yamot na yamot sa kanya at dismayado sa kabila ng pagiging sibil sa kausap.

“No, no, you can’t be serious, Aunt Daria.” Umiling siya nang mariin.

Imposible ang iniisip niyang binabalak nitong gawin. Alam niyang binigyan siya nito ng babala, pero hindi niya inaakalang ganito ito kaseryoso sa gustong mangyari.

Mahabang buntong-hininga ang pinakawalan

ng matanda. Pinagsalikop nito ang mga kamay, ipinatong ang mga siko sa mesa at minasdan siya ng mga mata nitong kayang maging blangko sa emosyon tulad ng kanya. Magkaiba man ang mga kulay ng mata nila, asul ang kanya at dito naman ay tsokolate, kapag ganitong salat iyon sa emosyon o anumang ekspresyon, tila nagiging pareho ang kanilang mga mata.

“Nakapagbitaw na ako ng salita, Andrew. Alam mong hindi ko binabawi ang anumang nasabi ko na. Binalaan na kita noon, bale-walain mo ang utos ko at ikaw din ang magsisisi. Mas gusto ko mang sa iyo ipamana ang *Dame*, mas nauna naman si Macon sa pagtupad sa kondisyong kaakibat ng pagmamana nito.”

“That’s bullshit! I worked hard for this company—”

Tatlong sunod-sunod na katok ang gumambala sa kanila.

“Come in!” utos ng tiyahin nang hindi inaalis ang mga mata sa pagkakatutok sa kanya.

Bumukas ang pinto at pumasok si Margaret na matapos magalang na bumati sa matandang babae ay bumaling sa kanya nang may pag-aalala at pag-aalinlangan sa anyo.

“Boss, Mr. Andanar is on the phone. Galit na galit at ayaw makinig sa mga paliwanag ko. Kailangan daw kayo ang makausap niya.”

Animo pagkiskis ng palito sa kahon ng posporo ang pagkakabuhay ng apoy ng determinasyon sa dibdib ng binata. Sa pagkakatatig ni Andrew sa mukha ng kanyang sekretarya ay tila nakikita niya ang maliwanag na dulo ng tunnel na muntik nang lamunin sa kadiliman ang kanyang kinabukasan.

“Margaret! Yes! You’re here!” bulalas niya. Malalaki ang hakbang na lumapit siya rito at inakbayan ito. Hayag sa pagpiksi ng babae at panlalaki ng mga mata ang labis na pagkagulat sa ginawa niya.

Bakit nga naman hindi? Sa loob ng tatlong taong pagtatrabaho nito sa kanya ay ngayon lang siya lumapit dito nang higit sa kalahating dipang espasyong lagi niyang pinapanatili sa pagitan nila kahit pa minsan ay may kailangan itong iabot o kunin mula sa kanya. Masigla ang tono niya at animo tuwang-tuwa sa pagkakasailay sa sekretarya samantalang kanina nga lang naman ay sinesermunan niya ito.

“I’m sorry, alam kong hindi pa natin ito sasabihin kay Aunt Daria pero wala akong magagawa.” Tumingin si Andrew sa tiyahing kunot ang noong pinagpapalipat-lipat ang tingin sa kanya at sa

nagugulumihanang dalaga sa tabi niya.

“Ano’ng ibig sabihin nito, Andrew?”

“We are getting married! My little Meggie and I are getting married, Aunt Daria. Surprised?”

Tumaas ang isang manipis na kilay ng tiyahin. “More like shocked. Especially with you calling her little when she’s a veritable giantess,” matabang nitong pakli. Pinukol nito ng mapanuring tingin si Margaret. “At ano naman ang masasabi mo dito, Miss Guanio? Nag-usap na tayo tungkol sa kumakalat na tsismis tungkol sa inyo ni Andrew at sabi mo’y wala iyong katotohanan. Nagsinungaling ka ba noon?”

“H-hindi po, Ma’am. Wala naman po—”

Mariing pinisil ni Andrew ang balikat ng babae at kinintalan ito ng magaang na halik sa tainga kasabay ng pagbulong, “I’ll explain later, just say yes.”

“Uhm... o-oho, Ma’am. P-pasensya na po kayo.”

“Hindi ko gustong ilantad ang relasyon namin sa eksaktong sandaling sinabi mo ang kondisyon mo tungkol sa *Dame* dahil ayokong magduda si Margaret na ginagamit ko ang relasyon namin para matupad ang kondisyong ibinigay mo, Aunt Daria. Anuman ang namamagitan sa amin ay walang koneksyon sa

Dame at mas lalong hindi ko gustong madaliin siyang magpakasal sa akin dahil sa atat ka nang makita akong may asawa,” aniya na muling tumiim ang mga bagang sa iritasyon sa pagmamaniipula nito sa buhay niya.

“But now you changed your mind, I take it?” untag ng tiyahin.

“Yes, nag-usap na kami ni Margaret. Tatal doon din naman ang punta namin, bakit hindi pa ngayon? Hindi na nga siya makapaghintay asikasuhin ang mga detalye ng kasal. She’d like to ask for your help, of course pero—”

“Hindi!” malakas na bulalas ng dalaga na para sa tainga niya ay tila katumbas na ng pagkaway palayo sa kanya ng lahat ng taong ibinuhos at isinakripisyo niya sa *Dame*.

“Hindi?” naiintriga ang tonong ulit ni Aunt Daria na tinapunan ang pamangkin ng hindi mabasang tingin.

“Hindi pa po namin ito nasasabi sa pamilya ko kaya sana hayaan ninyo muna kaming ipaalam iyon sa kanila bago natin planuhin ang kasal.”

Bagaman hindi nagbago ang anyo ni Andrew, batid ni Meg ang pagluwag ng hininga nito sa sinabi niya. Nakapatong sa balikat niya ang braso ng amo kaya ramdam niya ang tensyon na nagpapatigas sa bawat kalamnan nito. Hindi niya alam kung ano ang bukas-matang pinasukan at sinang-ayunan niya, pero iyong nasulyapan niyang bahagya na lang naikubling desperasyon sa mga mata ng binata kaninang pagpasok niya ang nag-udyok sa kanyang sakyan ang mga sinasabi nito sa tiyahin.

“Yes, of course! Plano pa lang naming sabihin iyon sa pamilya niya sa *Isla Dorado* nitong darating na Biyernes. It’s her grandfather’s eightieth birthday so we thought it best to inform them first before I tell you anything about it,” pahayag ni Andrew sa matanda.

“Opo, tiyak sasama ang loob nila kung hindi ko ipinaalam muna sa kanila ang tungkol sa pagpapakasal ko, namin ni... uhm, ni Andrew,” sang-ayon niyang tumango-tango pa.

“So, you’re telling me that you’re having an affair with your secretary, is that it, Andrew?” untag ni Madame Daria sa binata. Kung sa kanya nito itinutok ang tila makapanuot-kalamnang titig na iyon, malamang kahit pagpatay kay Lapu-Lapu ay aminin

niya. Pero tila walang ka-effort-effort na kaswal na tinugon lang ito ng binata.

“I know it’s against the company’s rules, Aunt, but what could I do? I see her everyday, talk to her, work with her. Lagi kaming magkasama. I guess it was just natural that we couldn’t resist the attraction between us,” pakibit-balikat pa nitong tugon.

“Uh-huh! Like that, huh?” komento ng matanda na hindi malaman ni Meg kung naniniwala pero hindi pa rin makapaniwalang pinatulan siya ng pamangkin nito, o nagdududa pa rin at iniisip na nagbibiro lang ang lalaki. Pinagtama nito ang mga palad. “Right! Then I guess, you really should inform her family about your plans. Pero bago iyon, gusto ko kayong makasalo sa hapunan mamaya sa bahay. Ipapatawag ko ang ibang board members. Iimbitahan ko din sina Macon at Faith. You could even announce your engagement there. It should be interesting!”

Hindi sigurado si Meg subalit tila naging ngiti ng isang buwitreng nakakita ng pagkain ang ngiting sumilay sa mga labi ni Madame Daria. Tumayo pa ito at humakbang palapit sa kanya. Binitawan naman siya ni Andrew at bahagyang itinulak palapit sa tiyahin nito.

Hinawakan siya ng matanda sa mga kamay

niya. Sa liit nito ay kinailangan pa nitong tumingala nang husto upang magsalubong ang mga tingin nila. “Gracious! Halos sing-tangkad mo na din si Andrew! Mukha akong duwende sa tabi ninyong dalawa! Pero mabuti na ding matangkad ka para hindi na siya mahirapang yukuin ka kapag hinahalikan ka niya.

“Sana lang hindi magmana sa akin ang mga anak ninyo dahil malamang iisipin ng mga taong pinulot ninyo lang ang mga iyon, o kaya nasalisihan si Andrew.”

Nasamid si Meg kahit walang laman ang bibig niya. Ni hindi pa nga siya kailanman nasabihan ng amo na maganda ang damit niya, ayos ng buhok o makeup kahit pabalat-bunga man lang, anak na agad ang hinihintay ng tiyahin nito! Ano ba talaga itong napasukan niya?

“We’ll be there tonight, Aunt. But for now, may negosyo tayong kailangang asikasuhin. Babalik na kami ni Margaret sa opisina ko.” Hinawakan siya ng binata sa siko ng presidente at iginiya palabas ng opisina.

“Andrew?”

“Yes?”

“I want to see the ring, boy,” utos ni Madame

Daria bago hinayon ng makahulugang tingin ang salat sa singsing niyang daliri.

“Of course,” tango ng binata.

Hinintay lang ni Meg na maiging mailapat pasara ni Boss Andrew ang pinto sa opisina nito bago bumuka ang kanyang bibig at pinaulanan ito ng laway niya sa pagtatalak ukol sa kabalbalang pinagsasasabi ng lalaki sa tiyahin nito tungkol sa pagkakaroon nila ng relasyon. No, mas malala pa pala roon, ang tungkol sa pagpapakasal di-umano nila!

“Nababaliw ka na ba? Bakit tayo ikakasal? Kailan pa kita naging boyfriend? Tulog ba ako nang mangyari iyon? Ipaliwanag mo ito nang maige kung ayaw mong ipa-salvage kita mamaya pag-uwi mo!”

Animo naipong alikabok sa mesita na hinipan nang malakas para maglaho ang anumang dibisyon sa utak ni Meg tungkol sa pagiging mag-amo nila. Karapatan naman siguro niya iyon bilang 'fiancee' nito!

“Gusto mo pang lakasan ang boses mo? Sigurado ako, hindi ka pa naririnig ng mga taga-kabilang building. At nasisiguro ko ding bawal sa rules and regulations ng kompanya ang pagpatay sa amo

mo, not to mention illegal at isa din iyong krimen,” matabang na komento nito.

Tila bale-wala lang dito na pinagbabantaan na niya ang future salinlahi nito. At kung hindi talaga bibigyan ni Andrew ng life or death na rason ang pagsang-ayon niya sa pagsisinungaling nito sa tiyahin kanina, uupa talaga si Meg ng limampung sanggano para ipautas ito. Naku... ang lalaking ito talaga!

Ang sarap sanang isiping totoo ang mga sinabi nito sa tiyahin tungkol sa pagpapakasal nila dahil mahal siya nito, pero malinaw namang hindi siya nagka-amnesia at nakalimutan lang ang relasyon nila para maging totoo ang sitwasyon nila ngayon.

“Magpi-plead na lang ako ng temporary insanity kapag nahuli nila ako! Explain!”

3

Naupo si Andrew sa likod ng desk nito at iminuwestra ang visitor's chair sa kanya. "Sit down, mahaba-haba ito." Ipinatong nito ang mga siko sa magkabilang armrest ng upuan, pinagsalikop ang mga kamay at ilang segundo munang minasdan lang siya bago nagsalita.

"My aunt wants me to get married, which you've known for quite some time now since she wasn't too secretive about her desires and schemes about it."

Tumango si Meg. Dahil siya ang madalas kasama ng binata kapag binibisita ito ni Madame Daria rito sa loob ng opisina nito, hindi man niya gusto ay naririnig pa rin niya ang mga pagigiit ng matandang babae na maghanap na ng seseryosohing babae ang pamangkin at pakasalan ito upang maabutan pa raw ng tiyahin ang mga magiging apo nito kay Andrew.

Pero sa tuwina ay iisa ang sagot doon ng boss niya. Wala sa plano nito ang mag-asawa o magkaanak dahil tulad ni Madame Daria ay ang kompanya ang hangin, tubig at pagkain ng binata. Wala nang iba pang maaaring makaagaw sa atensyon at oras nito, dedikasyon at pananampalataya sa *Dame*. Bagay na

obvious naman dahil sa tagal niyang sekretarya ni Andrew, hindi pa siya nakatanggap ni isang tawag mula sa mga napapabalitang karelasyon nito.

Bagaman nakukunan ang binata ng litrato sa business page na may kasamang magagandang babae, wala ni isa man sa mga iyon ang nagkakaroon ng access dito sa opisina nito. Ibig sabihin, wala ni isa man ang naging seryoso upang magkaroon ng karapatang tawagan ito sa gitna ng trabaho. At tipong good for one month o kung mamalasin ay one date lang ang mga iyon dahil kadalasan sa next social gathering na pinagkikitaan dito ay iba na ulit ang babaeng kasama ni Andrew.

Ngunit wala itong reputasyon bilang playboy. Bagay na kataka-taka o marahil hindi rin dahil hindi naman nito inaaming karelasyon nga nito ang mga ka-date.

“Hindi ko pinansin ang mga utos at pahaging niya pero ngayon, wala na akong mapagpipilian pa kundi seryosohin ang sinabi niya. You see, she’s willing to give *Dame* to Macon just because the bastard decided to tie the knot! Akala ko noon ay walang laman ang pagbabanta ni Aunt Daria na ipapaubaya lang niya ang *Dame* sa kung sino man sa amin ni Macon ang mauunang magpakasal at magkaanak.” Lumagutok

ang mga buto sa mga daliri ni Andrew dahil sa gigil nito. Pero ni hindi naman rumerehistro iyon sa kalmadong mukha nito.

“But she’s serious! Dead serious! Kaya naisip kong sabihin sa kanya ang tungkol sa kunwari ay relasyon natin at balak na pagpapakasal. All we need to do now is get married before Macon and his girlfriend do it first. Don’t worry; I’ll make it worth your while. Ang promotion mo at pagtriple o kahit pa pag-quadruple ng suweldo mo ang unang aasikasuhin ko oras na hirangin akong bagong presidente ng *Dame*.”

“Teka, teka, teka!” Mariing umiiling na itinaas ni Meg ang dalawang kamay. “May sinabi na ba akong pumapayag ako sa sinasabi ninyo? Correct me if I’m wrong, Boss, pero wala pang namumutawing ‘oo’ sa bibig ko. At sino’ng may sabing kaya ninyong bilhin ng promotion at mataas na suweldo ang pagpayag ko sa kalokohang ito?” asik niya.

Nangunot ang noo ng kausap. Bumakas ang iritasyon sa mukha nito, pero kaagad ding plinantsa ang ekspresyon upang tanging curiosity lang ang lumitaw roon. Nakakaaliw sana ang halatang pagpipigil ni Andrew sa inis dahil kinakailangan ang kooperasyon niya kaya lamang ay hindi nakakatuwa ang nakakainsulto nitong pag-assume

na mapepresyuhan nito ang pag-oo niya sa harap ng altar bilang asawa nito.

“Sa pagkakaalam ko’y wala kang nobyo o pinag-iinteresang lalaki ngayon kaya ano’ng pumipigil sa iyo? What do you want in exchange for being my wife? A house? Ang bibilhin kong bahay na titirahan natin ay ipapangalan ko sa iyo. Kung gusto mo ng kotse, done, you can have five if you want. I’ll also give you a generous allowance. You won’t have to cook or clean for me, maraming maids para doon.” Animo puno ng lohika at rasyunalidad ang mga sinasabi ng kausap ayon sa tono nito. Hindi niya mabatid kung dahil ba iyon talaga ang paniwala ng lalaki o kinukutya lang nito ang inaakalang pagpapakipot lang niya.

Nagpatuloy si Andrew, “After a year or two, we’ll get an annulment. Mananatili sa iyo ang lahat ng makukuha mo bilang asawa ko. You just have to act as my wife in front of other people.”

“Three words, Boss. A-yo-ko!”

“That’s only one word.”

Gigil na itinaas ni Meg ang dalawang nakakuyom na kamay.

“Grr! Ano ba’ng akala ninyo sa pagpapakasal? Business deal? P’wedeng desisyunan base sa kung

ano'ng makukuha ko sa inyo kapalit ng pag-oo ko? Ni wala nga tayong relasyon!”

“We *do* have a relationship. And of all the women I know, ikaw lang ang naiisip kong tutugma sa babaeng p'wede kong pakasalan.”

“Talaga? Bakit? Dahil iniisip ninyong ganoon ako kamukhang pera na susunggaban ko agad ang alok ninyo?” sarkastikong pakli ni Meg.

“No, of course not! You fit my requirements because you're the only one who can handle my ascerbic tongue. Hindi ka takot sa akin, sinasabi mo ang gusto mong sabihin at kaya mong makipagsabayan ng diskusyon sa akin. You make my coffee exactly the way I like it and you don't see me as your ticket to fame and fortune kaya hindi mo ako kailanman inakit tulad ng mga sekretarya kong nauna sa iyo.”

Sa laki ng pagkakabuka ng bibig ng dalaga nang matapos itong magsalita, hula niya ay kakasya kahit isang kawan ng bangaw roon.

“Kape at ang kawalan ko ng sex appeal sa inyo ang kumumbinsi sa inyong ako ang gusto ninyong pakasalan?” di-makapaniwalang bulalas ni Meg.

Umarko muna ang mga kilay ni Andrew bago nagkibit-balikat. “That and the fact that I know

you won't make any unreasonable demands from me. Sa harap ni Aunt Daria at ng ibang tao lang tayo kailangang umaktong mag-asawa. Wala kang obligasyong dapat tuparin sa akin. Think of it as another job.

“Isa o dalawang taon, iyon lang ang hinihingi kong panahon sa iyo. Sa loob ng panahong iyon ay malamang ipasa na sa akin ni Aunt Daria ang pamamahala sa kompanya. After that, we'll have an annulment and you can buy your own company if you want, I'll even be one of its investors.”

Gustong lapitan ni Meg ang hinayupak na lalaki, ipulupot ang dalawang kamay sa leeg nito at alugin ito. Kung di lang siya nakakasigurong gaganti ito ay malamang iyon na nga ang ginawa niya. Mas pinili na lang niyang marahan pero desididong umiling kaysa patotohanan ang nakikini-kinita na niya sa isipan na magiging headlines sa dyaryo bukas kung hindi siya makapagpigil: *Amo, Sinakal Ng Sekretarya Dahil Sa Pag-Alok Ng Kasal!*

“Sorry, pero kailangan ninyong aminin kay Madame na kasinungalingan lang ang lahat ng sinabi ninyo sa kanya kanina.”

Tumiim ang mga bagang ni Andrew at dahan-dahang tumayo. Biglang natensyon sa nababasang

panganib sa anyo nito na napatayo rin si Meg at umatras nang ilang hakbang palayo sa mesa nito. Alam niyang hindi bayolenteng tao ang amo, subalit hindi niya nais patunayan iyon ngayon sa pagsusugal ng sarili sa harap ng umaapoy na galit na umusbong sa mga mata nito.

Ang isang parte ng may topak ding utak niya ay naaaliw sa kaalamang ito na marahil ang pinaka-weird na wedding proposal na natanggap ng isang babae sa sangkalawakan. Ngunit ang isang mas malaking parte ay hinihiyawan siyang huwag magpakamartir at sunggaban na ang nakahaing katuparan ng mga lihim niyang pangangarap ukol dito gabi-gabi.

Kung pakakasalan niya si Andrew, mas magkakaroon siya ng pagkakataong paibigin ito bukod pa sa magkakaroon din siya ng karapatang pagbawalan itong makipagrelasyon sa ibang babae habang kasal ito sa kanya. Titira sila sa ilalim ng iisang bubong, araw-gabi ay makakasama niya ito. Hindi ba't sobra-sobrang biyaya na iyon na aaksayahin niya kung magpapakipot pa siya?

“Alam mo ba kung ano ang mangyayari sa iyo oras na mapunta kay Macon ang kompanya? He'll fire you the very instant he sits on my aunt's chair because you used to work for me. At hindi lang ikaw

ang tatanggalin niya kundi bawat tapat na trabahador ng kompanyang ito at ipapalit ang mga taong siya mismo ang pumili!” pagbibigay-linaw ni Andrew.

“P-pero hindi naman ninyo iyon papayagan.”

“Aalis ako dito sa sandaling siya na nga ang maging presidente nito. Hindi ako papayag na mapasailalim ng isang tulad niyang walang prinsipyo sa negosyo,” katuwiran ng binata. “Ang gusto niya’y kumita lang, wala siyang pakialam sa anumang epekto ng mga desisyon niya sa mga empleyado niya o sa consumers ng ibinebenta niya basta pumapasok sa kaban niya ang pera.”

Nakagat ni Meg ang pang-ibabang labi. “Boss, marami kayong ibang kilalang babae. Nasisiguro kong isa sa mga naging nobya ninyo ang papayag na magpakasal sa inyo. Bakit hindi sila ang ipinakilala ninyong fiancée kay Madame? Iyong ka-date ninyo noong birthday niya n’ung isang buwan, iyon bagay kayo.”

“Who? I don’t even remember her name! And it’s *you* I want to marry, not any other woman. I find it hard to trust anybody pero sa iyo, walang hirap kong nagawa iyon. Prueba na ang pag-aalok ko ng kasal sa iyo. I’m not used to asking help from other people, Margaret, pero sa pagkakataong ito’y hinihingi ko

ang tulong mo.“

Magsasalita sana ang dalaga, subalit naputol iyon nang walang babalang bumukas ang pinto ng opisina nito at pumasok ang nanunuyang pigura ng pinsan ni Andrew.

“Kakasabi lang sa akin ni Aunt Daria ng tungkol sa pagpapakasal mo din daw, Andrew. Sino namang pobreng babae ang dinampot mo sa kalye’t pinagpapanggap mong fiancée mo? Because I don’t believe you found a sane woman to marry you!” Nakasentro ang mga mata ni Macon sa pinsan kaya hindi siya kaagad napansin.

“Nalimutan mo na ang ibig sabihin ng pagkatok, Macon?” salubong ang mga kilay na sarkastikong balik dito ng amo niya.

Malawak na napangisi lang ang isa pang lalaki. “I’ll soon *own* this whole damn building, cousin. Pina-practice ko lang ang karapatan kong maglabas-masok saanmang lugar dito na gustuhin ko.” Noon dumako sa dalaga ang tingin nito. Bahagyang nanlaki ang mga mata nito sa gulat pero dagli ring nakabawi. Mas lalong lumawak ang ngiti nito at nagkaroon ng kislap ng paglandi tulad ng laging nangyayari kapag nagkakasabay sila nito sa elevator.

Hindi pa man ay alam na ni Meg ang susunod nitong gagawin. Ang magtangkang akitin siya na tila ba pakiramdam nito ay ito ang natatanging sagot sa bawat hiling ng mga babae sa mundo. Sa isip yata ni Macon, sinasadya niyang magpakipot dito kaya hanggang ngayon ay walang epekto sa kanya ang mga pagpapahaging nito.

“Hello, pretty lady. Why don’t you step out for a minute? May importanteng pag-uusapan lang kaming magpinsan. Business matters, you know. But I’m sure you can pry it all out of me later, over dinner, just you and me,” anitong kumindat pa sa kanya.

Nakita niya mula sa sulok ng mga mata ang lalong pagtitiim ng mga bagang ng amo. Pero wala itong sinabi, ikiniling lang ang ulo sa kanya. Ilang segundo muna ang kinailangan bago niya naunawaang hindi ito muling magsasalita ukol sa iniaalok sa kanya hangga’t hindi niya ibinibigay ang pagpayag. Sa kanya nito ipinapaubaya ang pagdedesisyon.

Saglit na natigilan si Meg. Ang inaasahan niya ay pipilitin siya ni Meg sa gusto nito, na babalewalain ang desisyon niya. Ngunit heto at ipinapaubaya nito sa kanya ang huling pasya. Aminin ang totoo o dugtungan ang nasimulan nitong kasinungalingan?

Muli niya itong sinulyapan. Kung hindi siya

maagap sa pagkontrol sa reaksyon, malamang ay napasinghap siya sa gulat at gilalas nang magsalubong ang mga tingin nila. Mabilis na mabilis lang ang pagdaan ng nakita niyang emosyon sa mga mata ng amo habang hinihintay ang sasabihin niya. At ang nahuli niyang emosyong dagli nitong ikinubli sa likod ng blangkong ekspresyon ang pinakahuling inaasahan niyang makikita mula rito. Desperasyon.

He was Andrew Tate-Mallari, one of the most successful and powerful businessmen in the country. Hindi tamang makita niya ang ganoong bitak sa normally ay kontrolado at kalmado nitong anyo. It was like seeing your superhero die in front of you. At nakita niya iyon dahil sa pagtanggap niya sa iniaalok nitong solusyon para manatiling nasa kamay nito ang *Dame* na matagal na niyang alam na buhay at kaluluwa nito.

Pakiramdam ni Meg ay may malaking kamay ang mahigpit na pumiga sa kanyang puso. Ayaw niyang makita ang ganoong ekspresyon sa mukha ng binata.

“Imposible iyon dahil sa pagkakaalam ko, kasama mong magdi-dinner sa mansyon ni Madame Daria ang fiancée mo,” marahang iling niya na ikinapanlaki ng mga mata ni Macon.

Humakbang siya palapit kay Andrew, hinawakan

ang kamay nito upang maikubli ang daliri niyang walang singsing nang pagsalikupin nito ang mga kamay nila. Bahagyang may ngiti sa mga labing niyuko siya nito at dahil sa kanya ito nakatingin, siya lang ang nakakita sa nagpapasalamat nitong asul na mga mata.

“Inimbitahan kasi kami ni Madame na pumunta doon mamayang gabi para ianunsyo ang pagpapakasal namin ni Andrew. At nabanggit niyang balak din niya kayong imbitahin ni Faith,” matamis ang ngiting pagpapatuloy ni Meg sa sinasabi sa mukhang gulat na gulat at hindi makapaniwalang si Macon.

“Call her ‘Aunt’, Margaret. She’s soon to be your aunt too,” komento ng ‘nobyong’ na marahang pinalis pa ang ilang hibla ng buhok na napunta sa gilid ng mukha niya.

“Alam ko, kaya lang parang mas bagay kasing tawagin siyang ‘Madame’.”

“Yes, I understand. She is quite a tyrant and that name suits her best,” sang-ayon ni Andrew.

“Ikaw? Ikaw ang pakakasalan niya?” bulalas ni Macon. Kulang na lang ay lumuwa ang mga mata nito sa panggigilalas at galit. “Impossible! Hindi ako naniniwala sa inyo! Gawa-gawa mo lang ito para

makuha ang kompanya!”

“Ano! Sinasabi mo bang ginagamit lang ako ni Andrew para mapasakanya ang kompanya?” ani Meg, kunot-noong pamaywangan niya ang mayabang na lalaki nang harapin ito.

Saglit itong natigilan. Ngunit kaagad ding kumislap sa katuwaan at tagumpay ang mga mata, pero sinikap ikubli iyon sa likod ng kunwaring lungkot ng mga mata at boses. Ilang segundo pa itong nag-atubili kunwari bago marahang tumangu-tango.

“Yes, I’m sorry to tell you, Miss Guanio, pero iyon na nga ang ginagawa niya. Nagkukunwari lang siyang mahal ka niya dahil ang totoo’y inalok ka lang niya ng kasal dahil iyon ang ibinigay na kondisyon ni Aunt Daria sa pagmamanahan niya ng *Dame*.”

“At kailan ito sinabi ni Madame? Kailan niya ipinaalam ang kondisyong iyon?”

“Sa huling board meeting ng kompanya at nati—”

Smug na ngumiti si Meg at muling inabot ang kamay ni Andrew na tahimik lang na nagmamasid sa kanila ng pinsan nito. Ni hindi ito mukhang nangamba, tila nahulaan kaagad ang binabalak niyang patibong sa pinsan nito.

“Kung gayon, nagkakamali ka dahil inalok na ako ng kasal ni Andrew bago pa ang board meeting na iyon. Kaya imposibleng ginagamit lang niya ako para mapasakanya ang kompanya. Hindi ko lang ibinigay agad sa kanya ang sagot ko dahil masyado akong nabibilisan sa mga pangyayari. Ni hindi ko nga akalaing sa dinami-dami ng magaganda at seksing babae sa mundo, ako pa na sekretarya lang niya ang iibigin niya! Ang dami-dami niyang ibang p’wedeng pakasalan!”

“No, Margaret, isa lang ang p’wede kong pakasalan. Hindi ako Muslim, remember?” saad ni Andrew na bahagyang napailing sa eksaherado niyang pag-arte. “And I don’t think we’re rushing into anything; after all, we’ve known each other for three years now.”

Matamis ang ngiting tiningnan niya lang ito at pasimpleng kinindatan bago ibinalik ang tingin sa pinsan. “Kunsabagay. Ikaw, Macon, kailan ka nga pala nag-propose kay Faith? Lemme see, in-announce ninyo iyon n’ung March, tama? Teka, March ding naganap ‘yung board meeting, di ba? And you’ve only known her since January! My! Sobra ka sigurong in love sa kanya para madaliin mo siyang magpakasal, ano?”

Muli siyang lumingon kay Andrew at halos langgamin na sa tamis ang ngiti nang nagkunwari pa siyang may inaalis na dumi sa harapan ng damit nito. “Ang romantic nila, ano, Drewberry?”

Naiiling na napangiti ang lalaki subalit nabasarin niya sa mga mata nito ang panghihilakbot at indignasyon sa pag-murder niya sa pangalan nito. Bahagya ring humigpit ang pagkakahawak nito sa kamay niya.

“I guess,” tango ni Andrew. Tiningnan nito nang makahulugan si Macon na tila namula naman ang mukha at kaagad napalitan ng galit ang kanina ay lungkut-lungkutang anyo.

Wala nang sinabi pa ang lalaki. Basta na lang umalis ito na tulad ng pagdating, walang pasintabi.

“Do not call me that, ever,” sermon ni Andrew sa kanya nang lingunin siya matapos nilang tahimik na hintaying tuluyang makalabas ng opisina ang pinsan nito.

“Bakit? Cute naman, ah. Kung talagang gusto mong maniwala silang nagmamahalan tayo dapat may pet name tayo sa isa’t isa.”

“Mas maniwala silang nababaliw na ako kapag narinig ka nilang tinatawag ako nang ganoon. Call

me by my name, that should be enough. And before I forgot...” Kinuha nito ang wallet mula sa inner pocket ng coat nito at naglabas ng credit card na iniabot kaagad sa kanya. “Buy your engagement ring. Hindi p’wedeng palagi tayong maghawak ng kamay para lang maitago na wala kang suot na singsing. Nasisiguro kong tatanungin din tayo nina Aunt Daria tungkol doon mamaya.”

“Hindi mo ako sasamahan? Hindi ba magtataka ang mga makakakita sa aking umaalis nang maaga at hindi ka kasama? Sure, wala pang ibang nakakaalam ng tungkol dito, pero paano kung makarating iyon kay Madame?”

Pabugsong pinakawalan ni Andrew ang hininga. “Fine, let’s go. But be quick about it. Marami pa tayong trabahong dapat asikasuhin. Kung pupunta tayo sa inyo sa Biyernes, hindi ko iyon magagawa nitong weekend.”

Umangat ang isang kilay na tiningnan ito ng dalaga. “Ibig mong sabihin nagtatrabaho ka pa din tuwing weekends? Grabe! Hindi ka pala talaga nag-exaggerate sa sinabi mong ang kompanya ang buhay mo.”

Nagkibit-balikat lang ang amo.